

# Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino

Angelina L. Santos

## Abstrak

Sa paggamit ng Filipino bilang pangalawang wika ng mga mamamayan sa iba't ibang lugar ng bansa na may kani-kanilang unang wikang ginagamit, hindi maiiwasan na maimpluwensyahan ito ng unang wika. Dahil dito, umusbong ang iba't ibang varayti ng wikang Filipino bunga ng mga varyasyong leksikal, ponolohikal at gramatikal.

*Keywords:* varayti, varyasyon, Wikang Filipino, dayalek, sosyolek, rejister

Multilinggwal na bansa ang Pilipinas na binubuo ng iba't ibang etnikong grupo na may iba't ibang wika. Upang magkaunawaan ang bawat mamamayang Filipino ay kailangan ang isang wika. Ito ang tungkulin ng wikang Filipino. Ang Filipino, bilang lingua franca, ay tumutulong sa mga taong nagmula sa iba't ibang panig ng bansa na magkaunawaan at makapag-ugnayan.

Halimbawa, ang isang Maranao mula sa Mindanao na ang katutubong wika ay Maranao at ang isang Ilokano mula sa Luzon na ang katutubong wika ay Ilokano ay magkakaintindihan lamang gamit ang isang wika. Sa kaso ng Pilipinas, ang wikang ito ay ang wikang Filipino na siyang pambansang lingua franca. Gayundin, ang mga Pilipino na nasa ibang bansa gaya ng mga OFW ay maaaring magkaintindihan anuman ang kanilang unang wika sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino.

---

The author teaches at the MSU-IIT's Department of Filipino and Other Languages. She finished her BSE at the Pasig Catholic College in Pasig City, her M.Ed. at UP Diliman, and her Ph.D. in Language Studies at the Mindanao State University in Marawi City on scholarship under the Mindanao Advance Education program.

May mga rehiyonal ding lingua franca. Halimbawa, sa Rehiyon X ang rehiyonal na lingua franca ay Cebuano. Iba't ibang etnikong grupo ang naninirahan sa rehiyong ito. May mga Iliganon, Cagay-anon, at iba pa na Cebuano ang unang wika; may mga Higa-unon na Higa-unon ang unang wika; may mga Manobo na Manobo ang unang wika; may mga Maranao na Maranao ang unang wika; at iba pang etnikong grupong may kani-kanilang wika. Para magkaintindihan ang mga grupong ito, kailangan nila ang wikang mag-uugnay sa kanila, at sa kaso nila ang wikang ito ay ang wikang Cebuano na isang rehiyonal na lingua franca.

Sa aklat nina Catacataca at Espiritu (2005:130), bukod sa wikang Cebuano bilang rehiyonal na lingua franca, binanggit nila ang iba pang rehiyonal na lingua franca na ginagamit sa iba pang rehiyon ng bansa – Ilokano, Hiligaynon, at Tagalog.

Ngunit sa pakikipag-uugnayan ng mga grupong ito sa ibang grupo mula sa iba't ibang rehiyon na hindi nakauunawa sa kanilang rehiyunal na lingua franca, ginagamit nila ang pambansang lingua franca – ang Filipino.

### Ang Varayti ng Wikang Filipino

Sa paglaganap ng wikang Filipino bilang lingua franca, nabuo ang iba't ibang uri o varayti nito. Ayon kina Catacataca at Espiritu –

... napakalaki na ang bilang ng mga Filipino na nakauunawa o gumagamit ng Filipino sa pakikipag-usap. Ayon sa sarbey ng Social Weather Station at ng Ateneo de Manila University (1990), 92% ng mamamayan ang nakauunawa ng Filipino, 88% ang nakababasa, 83% ang nakapagsasalita, at 82% ang nakasusulat. .

Ipinaliwanag ni Constantino na ang dahilan sa paglaganap ng wikang Filipino (nasa Catacataca at Espiritu, 2005:117) ay sa dahilang bukod sa ang wikang ito ay *isang wikang de facto, i.e., lingua franca na ginagamit sa buong bansa, ito ay de jure pa o wikang iniatas ng Konstitusyon ng Pilipinas*. Ayon sa 1987 na Konstitusyon, Artikulo XIV –

Sek. 6. *Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino*.  
Samantalang nililinig ito ay dapat payabungin at pagyamanin




pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Sek. 7. Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga *wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino* at hanggat walang itinatadhana ang batas, Ingles. (Sa akin ang empasis.)

Sa impormasyong nabanggit sa itaas, hindi kataka-taka na umusbong ang mga varayti ng wikang Filipino. Ang mga grupong gumagamit ng pambansang lingua franca ay nabibilang sa iba't ibang rehiyon ng bansa na may kani-kanilang katutubong wika. Ang pagiging multilinggwal ng mga grupong ito ay nakapag-aambag ng katangian ng kani-kanilang mga wika sa pagbubuo ng wikang Filipino. Ang varayti ng Filipinong nabubuo batay sa rehiyon ay tinatawag na **rehiyonal na varayti** o **rehiyonal na dayalek**.

**Wika at Dayalek.** Ang rehiyonal na varayti o rehiyonal na dayalek ay subgrupo ng isang wika. Ito ang wikang pekulyar na ginagamit ng mga tao sa partikular na lugar. Batay sa dayagram sa kabilang pahina –



ipinakikita na ang **dayalek** ay wikang subordineyt ng isang katulad ding wika. Pekuliyar ito sa isang tiyak na rehiyon o lugar. Nangangahulugan, kung gayon, na may pagkakaiba-iba sa loob ng wika. Ang pagkakaiba-ibang ito ay maaaring nasa (1) tunog – punto o paraan ng pagbigkas; (2) vokabularyo o leksikon; (3) paraan ng pagbubuo ng mga salita (morpohiya) o grammar o maaaring nasa lahat. Ayon kay Wardhaugh (1993), ang varyasyong ito ay lubhang kapuna-puna kaya nasasabing


may pagkakaiba sa paraan ng pagsasalita ng dalawang taong parehong gumagamit ng magkaparehong wika.

Ang isang halimbawa nito ay ang wikang Cebuano. Ang wikang Cebuano ay sinasalita sa lugar ng Cebu. Subalit maraming lugar sa Mindanao ang gumagamit ng wikang ito. Dahil may pekulyaridad ang gamit ng wikang Cebuano sa iba't ibang panig ng Mindanao, nagkakaroon ito ng iba't ibang varayti. May Cebuano-Iligan, Cebuano-Cagayan de Oro, Cebuano-Oroquieta, at iba pa.

Ganito rin ang nangyayari sa mga rehiyonal na linggwa franka o mga wikang ginagamit ng mga katutubong may parehong wika ngunit nahihwalay sa mga kagrupong dahil sa lokasyon ng lugar. Halimbawa rito ang grupo ng mga Subanen, Mansaka, Maguindanao, Mandaya, at iba pa.

Gawin nating tiyak na halimbawa ang grupo ng mga Mandaya mula sa Davao Oriental na naninirahan sa mga lugar ng Baganga, Caraga, at Manay (Pasion, 2010). Makikita sa mapa sa kabilang pahina na magkakalapit lamang ang mga lugar na nabanggit.






**MAP OF REGION XI**

**LEGEND:**

-  - DAVAO ORIENTAL
-  - DAVAO DEL NORTE
-  - DAVAO CITY
-  - DAVAO DEL SUR
-  - SARANGGANI
-  - SOUTH COTABATO
-  - SOUTH COTABATO




Ayon sa pag-aaral ni Pasion, bagama't magkakalapit lamang ang mga lugar ng Baganga, Caraga, at Manay na pareparehong

wikang Mandaya ang ginagamit, kakakitaan ang mga wikang ito ng mga varyasyong ponolohikal at leksikal tulad ng mga sumusunod.

Filipino	Baganga	Caraga	Manay
kumot	sabanas	abol/sabanas /a.bo/	habul /ha.bul/
mais	mais /ma.is/	batad	maes /ma~es/

Sa mga halimbawang ibinigay sa itaas, masasabi na ang **dayalek** ay sinasalita ng mas maliit na grupo kaysa sa wika. Masaklaw ang sakop ng **wika** kung gayon. Ang wika ay ginagamit ng mas malaking populasyon dahil sinasakop nito ang higit na malaking lugar. Sa kaso ng Filipino, naririto ang isang ilustrasyon na makikita sa dayagram sa ibaba.

Ang kahon na nasa tuktok ay kumakatawan sa **WIKANG FILIPINO**. Ginagamit ito sa mga lugar ng Iligan, Surigao, Butuan, Marawi, Zamboanga, at iba pa. Sa patuluyang paggamit ng wikang Filipino sa mga lugar na nabanggit bilang lingua franca, hindi maiiwasang sumanib dito ang katangian ng unang wika ng mga grupong naninirahan sa nabanggit na mga lugar. Cebuano ang unang wika ng mga Iliganon sa Iligan; Surigaonon ang unang wika ng mga Surigaonon sa Surigao; Butuanon ang unang wika ng mga Butuanon sa Butuan, Maranao ang unang wika ng mga Maranao sa Marawi; Chavacano ang unang wika ng mga Chavacano sa Zamboanga City; at iba. Dahil dito, nagkakaroon ng varayti ang wikang Filipino sa paggamit nila dito kaya ang mga varayting ito ay tinatawag na dayalek ng wikang Filipino na nasa tuktok ng dayagram. Ang mga varayting ito ng Filipino ay **Filipino-Iliganon; Filipino-Surigaonon; Filipino-Chavacano; Filipino-Maranao;** at iba pa. Ang bawat varayti ng wikang Filipino ay pekuliyar sa mga katutubo sa bawat lugar.



**Halimbawa:**

. **Filipino-Iliganon**

*Nindot* talaga ang liham na ginawa ni Kagawad Openiano.  
(Maganda)

. **Filipino-Surigaonon**

Nakapunta na ako sa kanilang *bayay*.  
(bahay)

. **Filipino-Chavacano**

*Mucho voca* ang babaing ito.  
(Madaldal)

. **Filipino-Maranao**

Maraming *ragang* nagbabantay sa ikakasal.  
(dalagang)

. **Filipino-Butuanon**

Bilisan mo, *panaw* na *kita*.  
(alis) (tayo)




Bilang paglilinaw na rin sa paggamit ng dayalek, na kung ang nag-uusap ay nabibilang sa magkaparehong grupo ngunit may ilang vokabularyo o leksikon na naiiba at hindi nauunawaan ng nag-uusap at/o kaya'y nagdudulot ng pagkalito dahil sa naiibang paraan ng pagbigkas ng ilang salita, nangangahulugan lamang ito na magkaiba ang dayalek ngunit nasa ilalim ng parehong wika ang ginagamit ng mga nag-uusap.

Base sa dayagram at paliwanag dito, masasabing ang wika at dayalek (bagamat wika rin subalit subordinayt ng masaklaw na wika) ay may pagkakaiba. Dahil dito, sinabi ni Ramos (1986:3-4) na –

. . . dapat na mabago ang nakaugalian nang pagbibigay ng leybel na dayalek sa mga wikang Hiligaynon, Bikol, Ilokano at Ivatan (isama na natin ang Cebuano, Maranao, Higa-unon, Kapampangan, at iba pa). Gaya ng Filipino, Ingles, Pranses, Ruso at Niponggo, may kani-kaniyang ponolodyi, morpolodyi, sintaks at semantiks ang mga ito. Hindi sapagkat ang isang wika ay ginagamit ng isang etnikong grupo, lalawigan o rehiyon ay hindi na ito wika.

**Sosyal na dayalek** ang isa pang uri ng dayalek. Tinatawag din itong **sosyolek**. Ito ang wikang ginagamit ng bawat partikular na grupo ng tao sa isang lipunan. Maaaring ang grupo ay nagkakaiba ayon sa edad, seks, uri ng trabaho, estado sa buhay, uri ng edukasyon, propesyon, relihiyon, hilig, at iba pa. Dahil sa pagkakaiba-iba ng wika ng bawat grupo ng mga tagapagsalita ay umusbong ang tinatawag na rejister.





Gawa ng pagkakaiba-iba ng grupo ng tao, lumilitaw ang varyasyong sosyal ng wika. Kabilang dito ang rejister na ginagamit ng partikular na grupo na nagkakasama-sama dahil sa (a) uri ng propesyon mayroon sila, e.g. abogado, doktor, akawntant, titser, at iba pa; (b) gawain o trabaho, e.g. manlalaro ng basketbol, byutisyan, shef o tagapagluto, at iba pa; (c) interes o hilig, e.g. pag-aalaga ng halaman, kolektor ng mga bagay na kinahihiligan, pagtaya sa lotto, sabong, at iba pa; at/o (d) iba pang grupo na nagkasama-sama dahil sa kinaaanibang organisasyon, relihiyon, at iba pa.

Kapag nagkakasama-sama ang mga abogado ay maririnig sa kanila ang mga salitang *afidavit*, *kompanyero*, *kliyente*, *nasasakdal*, *isinasakdal*, *notaryo*, *kaso*, at iba pa. Samantala, kapag mga titser naman ang nagkakasama-sama (depende rin sa grupo ng mga titser batay sa kanilang espesyalisasyon), madalas na maririnig ang mga salitang

*gramar, ponolohiya, morpolohiya, sintaks, semantiks, jargon, rejister, varayti, at varyasyon, at iba pa, kung titser sa wika. Maaari rin namang dribol, fawl, running, holding, huling dalawang minuto, bola, referi, free throw, at iba pa, para naman sa mga basketbolista o sa mahihilig sa larong basketbol.*

Batay sa paliwanag at mga halimbawang ibinigay sa itaas, masasabing ang *rejister* ay set ng mga salita o ekspresyon na nauunawaan ng mga grupong gumagamit nito na maaaring hindi nauunawaan ng mga taong hindi kasali sa grupo o hindi pamilyar sa propesyon, uri ng trabaho o organisasyong kinabibilangan ng nagsasalita o grupong nag-uusap.

**Idyolek** naman ang *varayti* ng wika na pekulyar sa isang indibidwal. May tatak ang pagiging indibidwal, kaya nga sinasabing indibidwal dahil may natatanging pagkakaiba sa iba. Kakaiba ang indibidwalidad ng isang indibidwal na mababakas sa mukha, pagkilos at maging sa pagsasalita. May pekulyaridad sa pagsasalita ng isang indibidwal. Ang pekulyaridad sa pagsasalitang ito ay tinatawag na *idyolek*.

Ang mga salitang *game ka na ba* kapag sinabi ni Kris Aquino ay kakaiba sa paraan ng pagbigkas ni Edu Manzano. May distinksyon sa paraan ng pagbigkas ang dalawang host. Kung gayon masasabi na ang *idyolek* ay ang indibidwal na paggamit ng wika.

### Ang Varyasyon sa Wikang Filipino

Sa malawakang paglaganap ng wikang Filipino sa iba't ibang bahagi ng bansa umusbong ang iba't ibang *varayti* nito. Bunsod ito ng mga varyasyon sa loob ng wikang ito na maaaring leksikal o sa vokabularyo, ponolohikal o sa tunog/paraang ng pagbigkas, at gramatikal o lahat ng mga ito. Ang varyasyon sa wika ay hindi maiiwasan dahil may interference na nagaganap kung saan ang katangian ng unang wika ng mga kalahok sa usapang gamit ang wikang Filipino ay pumapasok. Naiimpluwensiyahan ng unang wika ang pangalawang wika sa vokabularyo o leksikon, sa paraan ng pagbigkas, at maging sa *gramar man*.



**Varyasyong leksikal.** Binubuo ang Pilipinas ng iba't ibang etnikong grupo na may kani-kanilang katutubong wika. May sarili silang kultura na nangangahulugang may mga katawagan silang kultural na wala sa ibang etnikong grupo. Halimbawa sa mga katawagang kultural na ito ay ang *malong* ng mga Maranao, Tausug, Maguindanao, na katumbas ng tapis sa Luzon at Visayas; *langkayugan* na uri ng duyan ng mga Higa-unon; *palagsing* na isang uri ng suman ng mga Butuanon, *batchoy* ng mga Ilonggo, *laing* ng mga Bicolano at iba pa.

Maihahalimbawa rin dito ang wikang Cebuano na ginagamit sa Iligan City at Cagayan de Oro City. Bagamat wikang Cebuano ang ginagamit sa parehong lugar may pagkakaiba-iba pa rin sa salitang ginagamit na pareho lang naman ang kahulugan. Halimbawa –

	Iligan City	Cagayan de Oro City
ganda	nindot	tsada
naloko	nauwat	nailad ( <i>bagama't ginagamit din sa Iligan ay higit itong gamitin sa CDO</i> )

Ganito rin ang nangyayari sa wikang Maranao na ginagamit sa Lanao del Norte at Lanao del Sur. Halimbawa –

	Lanao del Norte	Lanao del Sur
sulo	sulo	timparol
bigas	may	bugas
kulambo	tag'nak	ring't
langaw	ring't	tind'k

Ang varyasyong leksikal sa wikang Filipino ay nakatutulong sa pagpapayaman ng wikang ito. Halimbawa – may mga salitang buhat sa ibang wika na bagamat may panumbas naman sa Tagalog (wikang batayan ng wikang Filipino) ay pumasok sa wikang Filipino tulad ng mga salitang Cebuano na *kawatan* (magnanakaw), *bana* (asawang lalake), at iba pa.

Sa wikang Tagalog, kapag sinabing asawa ay hindi kaagad matitiyak kung babae o lalake ang tinutukoy. Kailangan pang sabihing asawang babae o asawang lalake. Samantala, sa wikang Cebuano, ang *bana* ay kumakatawan sa lalake lamang; at kapag sinabing *asawa*, kumakatawan lamang ito sa babae. Sa puntong ito, madaling maadap ang salitang *bana* bilang bahagi ng wikang Filipino dahil bukod sa matipid ang pagsasalita ay madaling magkaintindihan ang mga nag-uusap.

**Varyasyong ponolohikal.** Tinutukoy ng varyasyong ito ang pagkakaiba-iba sa tunog o paraan ng pagbigkas. Sa paraan ng pagbigkas ng tagapagsalita, makikilala kung anong grupo ang kinabibilangan nito. Halimbawa, makikilala ang isang Ilonggo, Ilokano, Maranao, Cebuano at iba pa sa kanilang punto. Malumanay magsalita ang mga Ilonggo, karaniwang gumagamit ng impit na tunog ang mga Cebuano, at karaniwang may tunog na schwa ang mga Ilokano at Maranao.

Bawat wika ay may kakaibang tunog kapag binibigkas ng mga tagapagsalita nito. Naririto ang ilang halimbawa ng mga salitang may iba't ibang paraan ng pagbigkas ayon sa grupong kinabibilangan (Lopez na nasa Catacataca at Espiritu, 2005:119120).

ngipin (Tag)	ngipon (Ceb, Hil, Bic)
buhok (Tag, Ceb)	bwek (Pgn)
	bwak (Pam)
gabi (Tag)	gabi'I (Ceb)
	rabi'I (Ilk, Hil)

Maihahalimbawa rin dito ang salitang *bahay* na malumay ang paraan ng pagbigkas at *baláy* ng Cebuano na mabilis ang paraan ng pagbigkas, *bigás* na *bugás* sa Cebuano kung saan naging /u/ ang /i/.

**Varyasyong Gramatikal.** Sa varyasyong ito, papasok ang paraan ng pagbubuo ng mga salita tulad ng paglalapi, pag-uulit ng pantig o reduplikasyon, at iba pa. Sa paggamit ng wikang Filipino ng mga taong nabibilang sa iba't ibang etnikong grupo, kapansin-pansin na pumapasok ang katangian ng kanilang wika sa pagbubuo ng mga salita.



Halimbawa –

**Paglalapi**

**Filipino**

uminom ng tubig

lumakad

ipinagpatuloy

**Filipino-Cebuano**

hing-inom ng tubig (hing-inom ug tubig)

naglakad (naglakaw)

gipatuloy (gipadayon)

**Pag-uulit ng pantig**

darating

kakain

magdating (moabot)

makain (mokaon)

Sa halimbawa sa itaas, kapansin-pansin na walang reduplikasyon o pag-uulit ng pantig na nagaganap sa wikang Cebuano. Ang ganitong kaso ay pumapasok sa pagsasalita ng mga katutubong Cebuano sa kanilang pagsasalita o pagsusulat sa wikang Filipino.

**Konklusyon**

Ang wikang Filipino ay pangalawang wika sa nakararaming mamamayan ng bansa na nabibilang sa iba't ibang etnolinggwistikong grupo. Ang unang wika ng mga grupong ito ay nakapag-aambag sa pagbubuo ng wikang pambansa sa mga aspektong leksikal, ponolohikal, at gramatikal. Ang mga varayti ng wikang Filipino na nadedevelop ng mga grupong ito sa kani-kanilang lugar ay dayalek ng wikang Filipino na nakatutulong sa pagkakaunawaan ng bawat Filipino. Ang ganitong proseso ng pagdedevelop sa wikang ito ay nakasaad sa 1987 na Konstitusyon ng bansa na matatagpuan sa Artikulo XIV, Seksyon 6 -- . . . *dapat payabungin at pagyamanin pa ang wikang Filipino salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas.* Nangangahulugan din ang siping ito na walang superyor o imperyor na wika. Lahat ay may kasapatan sa lipunang pinaglilingkuran nito.

Para sa mga titser na nagtuturo gamit ang wikang Filipino, sinabi nina Catacataca at Espiritu na – *Ang paglikha sa v(b)arayti ng Filipino ay mabuti para sa maraming guro na may takot magturo ng/sa Filipino sa pag-aalalang baka pagtawanan sila.*

At para sa lahat, ang kaalaman sa varayti at varyasyon ng wika ay makatutulong upang maiwasang maging negatibo ang pagtingin sa kapwa na gumagamit ng wikang Filipino na di maiwasan ang interference ng unang wika lalo na sa paraang pabigkas.

### Mga Reperensya

- Catacataca, Pamfilo D. at Clemencia C. Espiritu. 2005. *Wikang Filipino: Kasaysayan at Pag-unlad*. Manila: Rex Book Store.
- Fromkin, Victoria & Robert Rodman. 1983. *An Introduction to Language*. New York: Holt, Rinehart and Winston.
- Holmes, Janet. 1993. *An Introduction to Sociolinguistics*. London & New York: Longman Group UK Ltd.
- Hudson, R. A. 1980. *Sociolinguistics*. Cambridge: Cambridge University Press.
- KWF. 1996. *The KWF and the Intellectualization of Filipino*. San Miguel, Manila: KWF.
- Pasion, Raymund M. 2010. Varayti at Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Silangang Davao. Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino at Iba pang mga Wika at Wikain. Angelina L. Santos, Emma B. Magracia, Teresita Perez-Semorlan, at Danilyn A. Tayag, mga Editor. Iligan City: DFIW.
- Peregrino, Jovy M., Pamela C. Constantino, at Nilo S. Ocampo. 2002. *Minanga Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Diliman, Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.
- Ramos, Jesus Fer. 1986. *Ilang Impormasyon Tungkol sa Wika. Wika, Komunikasyon at Lipunang Pilipino*. Pamela C. Constantino,



Jesus Fer Ramos, Ligaya T. Rubin, at Ruby G. Alcantara, mga Nagsaayos. Diliman, Quezon City: Komite sa Teksbuk sa Komunikasyon sa Filipino, U.P.

Tiamson-Rubin, Ligaya, Ofelia Jamilosa-Silapan at Rosario U. Mag-atas. 1989. *Wikang Filipino, Retorika at Sulating Pananaliksik*. Manila: Rex Book Store.

Santos, Angelina L., et al. 2009. *Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.

Wardhaugh, Ronald. 1993. *An Introduction to Sociolinguistics, 2nd ed.* Oxford UK & Cambridge, USA: Blackwell.h